



## WORD

<sup>5</sup>*Sinabi ng anghel sa mga babae, "Huwag kayong matakot! Alam kong hinahanap ninyp si Jesus na ipinako sa krus. <sup>6</sup>Wala na siya rito, dahil nabuhay siyang muli tulad ng sinabi niya sa inyo. . . ."* MATEO 28:5,6 (BASAHIIN DIN ANG 1 CORINTO 15:12-26.)

## WHAT

Si Jesus ang Hari na bumangon. Ang Kanyang muling pagkabuhay ay hindi lang basta nakamamanghang himala—pinatunayan nito na ang lahat ng Kanyang sinabi ay totoo. Siya ay Anak ng Diyos, makapangyarihan sa lahat, Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, si Jesus ay ginapi ang kasalanan, tinalo ang diyablo, at winasak ang kamatayan. Ito ang mga kapakinabangan na maaaring nating angkinin bilang Kanyang mga tagasunod. Sa aral na ito, tunghayan natin ang bawat isa.

### 1 Nalupig ni Jesus ang kasalanan.

<sup>17</sup>*At kung si Kristo'y hindi muling nabuhay, walang silbi ang inyong pananampalataya at hindi pa kayo napapatawad sa inyong mga kasalanan. . . .* <sup>20</sup>*Ngunit ang totoo, muling nabuhay si Kristo bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.* 1 CORINTO 15:17,20

Sa krus, binayaran ni Jesus ang kaparusahan sa mga kasalanan ng buong mundo. Pinalaya tayo mula sa kapangyarihan nito. Tinalo na ang kasalanan. Kung magtitiwala tayo at mananalig kay Kristo lamang para sa ating kaligtasan, ang kasalanan ay walang kapangyarihan laban sa atin. Maaari tayong mabuhay ng matagumpay dahil ang Diyos ang ating pinaglingkuran—hindi kasalanan. Ano ang ibig sabihin ng ikaw ay "alipin pa rin ng kasalanan"? Bakit hindi na ito makatotohanan sa mga Kristiyano?

---

---

### 2 Nalupig ni Jesus ang diyablo.

<sup>24</sup>*At pagkatapos nito, darating ang katapusan. Lulupigin niya ang lahat ng kaharian, pamahalaan at kapangyarihan, at ibibigay ang paghahari sa Diyos Ama. <sup>25</sup>Sapagkat si Kristo'y dapat maghari hanggang sa lubusan niyang malupig ang lahat ng kanyang mga kaaway.* 1 CORINTO 15:24,25

. . . *Ito ang dahilan kung bakit naparito ang Anak ng Diyos, upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.* 1 JUAN 3:8

Ang diyablo ay kumikilos sa mundo—tinutukso tayo, inaakusahan, at nililinlang. Nang si Jesus ay namatay sa krus at nabuhay muli, pinalaya tayo mula sa mga gawain ng diyablo. Tayo ay matagumpay dahil sa matagumpay na natapos na ginawa ni Kristo. Ang Kanyang tagumpay ay nagbigay daan para sa ating tagumpay. Bakit hindi tayo dapat matakot sa diyablo? Ngunit bakit patuloy siyang lumalaban gayong siya ay talunan na kaaway?

---

---

---

### 3 Nalupig ni Jesus ang kamatayan.

<sup>22</sup>*Sapagkat kung paanong ang lahat ng tao ay mamamatay dahil sa kaugnayan nila kay Adan, ganoon din naman, dahil sa ating kaugnayan kay Kristo, tayong lahat ay muling mabubuhay. . . .*

<sup>26</sup>*At ang huling kaaway na kanyang lulupigin ay ang kamatayan.* 1 CORINTO 15:22,26

<sup>54</sup>. . . *"Nalupig na ang kamatayan; ganap na ang tagumpay!"*

<sup>55</sup>*"Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan na ang iyong kapangyarihan?"* 1 CORINTO 15:54,55

Ang kamatayan ay ang huling kaaway, ito ay napuksa sa pamamagitan ng ganap na ginawa ni Kristo at sa Kanyang muling pagkabuhay. Gayunman, ito ay may epekto pa rin sa atin—nangyayari ito sa atin at mangyayari pa rin sa atin pagdating ng panahon—ngunit makatitiyak tayo na ito ay walang kapangyarihan laban sa atin dahil sa buhay na walang hanggan na ibinigay ni Kristo. Tayo ay binuhay kay Kristo. Ano ang "kagat"? Papanong ang kamatayan ay kumalas sa pagkakagat? Bakit hindi tayo dapat matakot sa kamatayan?

---

---

---